PULANG SILANGAN
REBOLUSYONARYONG PAHAYAGAN NG MAMAMAYAN SA SILANGAN GITNANG LUZON
MAYO-HUNYO 2023



# Asintahin ang mga pasistang mandaragit!

**Sa dalawang pagkakataon, inasinta at binigwasan ng New People's Army - Aurora ang mga pasistang militar na naghahasik ng terorismo sa masang magsasaka sa probinsya ng Aurora. Siyam ang kumpirmadong patay sa tropa ng 91st IB sa magkasunod na labanan noong Hunyo 3 sa Brgy. Punglo, bayan ng Maria Aurora at noong Hunyo 9 sa Brgy. Diteki, bayan ng San Luis.**



Naninibasib. Nandarahas. Nandarambong. Nagsasamantala. Ganito ang aktibidad ng mga pasistang militar sa ilalim ng 703rd infantry Brigade ng 7th Infantry (Kaugnay) Division. " Agila" ang tawag sa brigadang ito na ipinagmamayabang ang pagiging mabangis at maninila sa maliliit at mahihinang nilalang. Kabilang sa grupong ito ang 91st IB, 70thIB, 84th IB, 3rd Mechanized Batallion at 3rd CMO Company.

Sa probinsya ng Aurora at Nueva Ecija, naghahari-harian ang tropa ng 703rd Agila Brigade. Army ang nagsasagawa ng sensus sa Baranggay para antimanong matukoy ika ang mga terorista. Army ang nagtatatak sa pagkatao ng mga naninirahan sa baryo — kung siya ay Pulahan, NPA, suporter ng NPA, milisya, aktibista, o dapat siyang sumuko at pumirma sa ECLIP. Army ang may kontrol sa aktibidad ng tao sa baryo — oras ng punta at alis sa bukid, paghahanting, pagpunta sa bayan, pagtanggap ng bisita mula sa labas. Army ang nangangasiwa sa mga ayuda o relief, ito man ay galing sa ahensya ng gubyerno o pribadong sektor para pagkaitan ng ayuda ang mga lumalaban sa katiwalian at pasismo ng estado.

Army ang humaharap sa mga usapin sa lupa pabor sa panginoong maylupa at sa may kakayanang magbayad sa kanilang serbisyo. Army ang kasama ng DENR sa pagpapatupad sa programang NGP para masupil ang mga tumutol sa proyektong mapangamkam ng lupa. Army ang nagbibigay pahintulot sa paglabas ng mga kahoy, uling, yantok at iba pang produkto basta magkasundo sa halagang pupuno sa kanilang bulsa. Pati pagtitinda sa baryo, binubusisi ng Army dahil baka nagpupuslit ika ng suplay para sa NPA. Army rin ang kumakargo sa kaayusan at kapayapaan sa baryo dahil nasa poder at proteksyon nila ang mga mangangalabaw, maton, sanggano, mga talamak na dealer ng droga at mga grupong sindikato. Maging ang Konseho ng Baranggay ay kailangang humingi ng pahintulot sa army sa mga aktibidad pangbaryo. Habang

ang Army naman ay walang abiso o kurtisiya sa paglabas-pasok sa mga baryo at paghalihaw sa kabundukan at mga pook obrahan ng masa. Ngayong nalalapit ang eleksyong pambarangay, aktibo na rin ang Army sa paglalako sa kakandidatong sunud-sunuran sa kanila, habang tinatakot at ginigipit ang mga kakandidatong may tunay na hangarin na maglingkod sa masa. Ito ang larawan ng Batas Militar, saklot ng paghahari at pang-aabusong militar ng 703rd Agila Brigade.

Ang 703rd Agila Brigade at lahat ng reaksyunaryong tropa sa ilalim ng AFP at PNP ang pangunahing instrumento ng naghaharing estado para panatilihin ang kontrol at dominasyon ng uring panginoong maylupa, malaking burgesya kumprador at ng imperyalistang US sa bansa. Ito ang sinasandalan ngayon ng malupit, mapanupil, tiwali at makadayuhan na rehimeng US-Marcos Jr!

Ang mga pasistang militar na ito, mistula'y Agila na nandaragit sa maliliit at walang kalaban-labang mga hayop na kanyang nilalamon. Gayunman, nakakadagit lamang ito kung namamayani ang takot, hiwa-hiwalay at nag-iisa ang kanyang biktima.

> **Kung nagkakaisa at sama-samang kumikilos, ang Agila na ito ay hindi makakadagit. Kayang kaya itong itaboy ng nagkakaisang mamamayan sa pamamagitan ng petisyon ng pagpapalayas, dayalogo at mga protesta. Higit sa lahat, kayang kaya itong pabagsakin ng armadong mamamayan.**

Ang mga kampong militar at tropa ng militar na nasa combat duties ay lehitimong target ng aksyong militar ng NPA at ng rebolusyunaryong mamamayan. Ang pagpapahina at pagdurog sa reaksyunaryong Hukbo ay dapat at kailangan para ibagsak ang naghaharing estado.

Asintahin ang mga pasistang mandaragit!

Samantala, ang mga sundalo, CAFGU at mga makabayang opisyal ng AFP na wala sa opisyal na duty, at walang utang na dugo sa mamamayan at rebolusyunaryong kilusan ay patuloy na hamigin at kabigin na umalis sa serbisyo, makipagtulungan sa iba't ibang kaparaanan at maglingkod sa sambayanan.

**Masang magsasaka, lumahok sa digmang bayan. Sumapi sa NPA!**🔥



BALITANG LARANGAN ...

# Army, isinakripisyo ng kapwa Army

Hindi na nga pinangalanan, itinago pa ang kanilang mga bangkay at pinagkaitan ng pagkilala. Sa dalawang nagkasunod na labanan ng NPA at tropang militar noong Hunyo sa probinsya ng Aurora, isang sundalo lamang ang inako at kinilalang namatay ng 91st IB. Habang ang walong iba pa ay itinago sa publiko.

Sa desperasyon ng kanilang commanding officer na makapinsala sa NPA, minanduhan nito ang kasundaluhan na magpaputok nang walang patumangga kahit na alam nilang may tropa silang mahahagip ng sarili nilang bala.

Sa labanan noong Hunyo 3 sa Brgy. punglo, Maria Aurora, dalawang army ang patay sa isnayping ng NPA. Tatlo naman ang patay sa asintadong pamamaril ng NPA sa labanan noong Hunyo 9 sa Brgy. Diteki, San Luis. Ang iba pang namatay na sundalo at mga sugatan na itinago nila ay sarili nilang kagagawan.🔥

> **Hindi lamang malaking kahihiyan sa AFP ang tinamo nilang kaswalti, kundi isang malaking kapalpakan na pumatay sa buhay ng kapwa nila sundalo.**

# Militarisasyon sa kanayunan

**KAMPO NG PULIS:**

309th Tugatog PMG
Camp Ravena PMG - Baler, Aurora
PNP - Boundary Aurora-Nueva Ecija
RPSB - Sitio Mapedia, Brgy. Rio Chico, Gen. Tinio, NE
PNP - San Juan, San Jose, NE

**70th IB PATROL BASE**
Brgy. Labi, Bongabon Nueva Ecija

**91st Bravo Coy Headquarters**
Brgy. Dibaraybay, Dinalungan, Aurora

**702nd BRIGADE HEADQUARTERS**
Brgy. Calaanan, Bongabon Nueva Ecija


**91st IB PATROL BASE**
Brgy. Dimabuno, Maria Aurora

**Naval Station**
Casiguran, Aurora

**CAFGU PATROL BASE**
Brgy. Canaan East, Rizal, Nueva Ecija

**84th IB HEADQUARTERS**
Sto. Niño, San Jose, NE

**84th IB DETATSMENT**
Sitio Sibug at Brgy. Pias, Gen. Tinio, NE



**CAFGU DETATSMENT SA AURORA:**

Brgy. Baubo, Maria Aurora
Kilometer 36, Maria Aurora
Brgy. Suguit, Maria Aurora
Brgy. Ditale, Depaculao, Aurora
Brgy. Dimabuno, Depaculao, Aurora
Brgy. Borlongan, Depaculao, Aurora
Brgy. Sinimbahan, Dinalungan, Aurora
Brgy. Dimanayat, San Luis, Aurora
Brgy. Dibut, San Luis, Aurora

**CAFGU DETATSMENTS SA NUEVA ECIJA:**

Brgy. Nazareth, Gen. Tinio
Brgy. Nauzon, Laur
Brgy. Matatalaib, Laur
Brgy. Antipolo, Bongabon
Brgy. Labi, Bongabon
Brgy. Cambitala, Pantabangan
Brgy. Mulawin, Pantabangan
Brgy. Abuyo, Pantabangan
Conversion, Pantabangan
Brgy. Maangol, San Jose
Brgy. Flores, Lupao
Brgy. San Isidro, Lupao
Brgy. Namulandayan, Lupao
Brgy. Puncan, Carranglan
Brgy. Minuli, Caranglan
Brgy. RA Padilla, Caranglan
Brgy. Burgos, Caranglan
Brgy. Luna, Caranglan

**91st IB (Sinagtala) Headquarters**
Brgy. Calabuanan, Baler Aurora

**91st IB PATROL BASE**
Brgy. Dikapanikian, Dingalan, Aurora

**91st Alpha Coy Headquarters**
Brgy. Malinaw, Gabaldon, Nueva Ecija

**91st Charlie Coy Headquarters**
Brgy. Diteki, San Luis, Aurora

**91st IB PATROL BASE**
Brgy. Tanawan, Dingalan, Aurora

# CAFGU, naisnayp ng NPA!

CAFGU ang unang tao na naisnayp ng NPA sa kailugan ng Diamuloc, sa Brgy. punglo, Maria Aurora noong Hunyo 3. Habang ang karamihan sa tropang kasundaluhan ay kampante ng nagpapahinga, kasama ang CAFGU na ito sa inutusang itsek ang tawid ng ilog. Gaya ng iba pang kaswalti ng AFP, hindi siya pinangalanan at di rin kinilala ang merito ng kanyang serbisyo sa reaksyunaryong gubyerno.

Ang impormasyong ito ay galing mismo sa hanay ng mga CAFGU na sa iba't ibang kaparaanan ay nagpapaabot sa NPA na wala silang intensyong lumaban. Marami sa kanila ay natatakot na umalis sa CAFGU dahil sa banta ng AFP na pagbibintangan silang NPA at ipapakulong. Sa katunayan, marami sa kanila ay mga kasapi ng PKM (ang rebolusyunaryong samahan ng magsasaka sa baryo) na sapilitang inilista at pinagtreyning sa CAFGU kapalit ng pangakong hindi na guguluhin ng sundalo ang kanilang mga pamilya.



**Kaugnay nito, nananawagan ang CPP-NPA sa mga CAFGU : "Umalis na kayo sa pagka-CAFGU at maghanapbuhay na lang ng marangal. Sa hindi pa nakakaalis sa CAFGU, huwag na kayong mag-duty sa kampo. Huwag sumama sa mga operasyong kombat."**

# Mga tindahan sa baryo, binabantayan ng AFP

Hindi lamang mga hospital at kalsada ang binabantayan ng militar tuwing may armadong sagupaan na nagaganap sa pagitan ng NPA at AFP. Sa mga baryo ng Maria Aurora at San luis, pati mga tindahang maliit, ultimo tindahang nagtitinda lamang ng mga tsit-tsirya ay ginagwardyan at binubusisi ang mga paninda. Ang mga namamalengke at naglalako ng paninda ay sinisita at iniimbistigahan kung ilan ang nabebenta sa maghapon at kung ano ang mga naitinda. Sa pang-aabala at pananakot ng militar, ang iba ay nagsara ng kanilang tindahan. Ang iba ay puro alak na lang at pangpulutan ng army ang tinitinda para wala na ikang tanong-tanong. Ang iba ay tinitiis na lang ang panggagambala ng army kaysa walang mapagkuhanan ng ikabubuhay.

# AFP nagwawaldas ng pondo ng bayan, mamudbod lang ng ECLIP!

Tatlo hanggang anim na helikopter ang nagpasiklab sa himpapawid ng San Luis at Maria Aurora, Aurora at Bongabon, Nueva Ecija sa loob ng halos dalawang linggo matapos ang labanan sa pagitan ng NPA at 91st IB. "Mababa man ang lipad nila, akala mo may gera," pagsasalarawan ng isang residente ng Brgy. Diteki, sa bayan ng San Luis.




Noong Hunyo 18, mula sa himpapawid ay namudbod ng polyeto ng ECLIP ang 91st IB kasama ang 505th Search and Rescue Group, 15th Strike Wing, Philippine Air Force of Tactical Operations Group 3, Tactical Operations Wing Northern Luzon.

Serye din ng mga pekeng enkawnter ang ipinamalita ng AFP para bigyang katwiran ang pagwawaldas nito ng pondo ng bayan.

Mga ka-PS, magkano naman kaya ang ginastos ng AFP sa operasyong kombat na kanilang inilunsad? Mula Hunyo 3 ay tuloy-tuloy na ang kanilang panghahalihaw sa kabundukan. Binawal ang pangangalap ng kabuhayan sa labas ng perimetro ng baryo. E kung ang ginastos sana nila sa operasyong kombat at pinamudbod na polyeto ng ECLIP ay pagkain at gamot, baka natuwa pa sa kanila ang masa.

# Buwis-buhay



**Buwis-buhay o nakamamatay para sa mahihirap na Pilipino ang pagbubuwis sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP). Habang wala namang nararamdamang pakinabang ang mamamayan sa bawat sentimong pinipiga sa kanila ng gubyerno.**

Isinusulong ngayon sa kongreso ang pagpapataw ng karagdagang buwis sa maaalat at matatamis na pagkain gaya ng instant noodles, tuyo, sardinas, tsitsiria, matatamis na inumin at iba pang pawang karaniwang binibili ng pinakamahihirap na Pilipino. Dagdag na P10.00 buwis kada 100 gramo sa mga nakapaketeng pagkain. Para patamisin ang nakamamatay-sa-gutom na batas na ito, sinasabi ng GRP na ito'y para maiwasan ang karaniwang sakit sa bato, highblood at diabetes ng masang anakpawis.

Hindi na bago ang ganitong pakulo ng GRP para makapiga ng dagdag na buwis sa mamamayan. Matatandaang sa nakaraang rehimeng US-Duterte, pinatawan ng dagdag na buwis ang mga alak at sigarilyo sa ilalim ng Sin Tax Law. Layunin diumano ng batas na ito na bawasan ang bumibili ng alak at sigarilyo para maiwasan ang pagkakasakit. Abot-langit ang itinaas ng mga bilihin pero hindi nito napigilan ang pagpunta sa langit ng mga nagkakasakit, may bisyo man o wala, dahil sa palyadong serbisyong pangkalusugan.

Nananatiling kulang na kulang ang mga ospital, pasilidad, mga doktor at nars sa buong bansa. Sa mga pampublikong ospital gaya ng PGH, inaabot ng anim na buwan o higit pa ang pagpapaiskedyul para sa tsek-ap ng mga out-patients dahil sa sobrang dami ng nag-aabang ng libreng tsek-ap habang kakaunti naman ang mga doktor. Hindi na nakapagtatakang malala na ang sakit kapag nasuri na ng doktor. Bagamat bukambibig ng GRP na prayoridad nila ang sektor ng kalusugan, dumanas ito ng malalaking tapyas sa badyet noong nakaraang taon. Pinakamababa rin sa loob ng 20 taon ang pinagmamalaking 4.1% pagtaas ng badyet sa kalusugan para sa taong 2023.




Samantala, habang pinipiga sa buwis ang mamamayan, niluluwagan naman ang buwis sa pinakamayayaman sa Pilipinas.

Sa ilalim ng Corporate Recovery and Tax Incentives for Enterprises Act o CREATE Law, binawasan ng 1-10% ang buwis ng mga malalaking korporasyon. Ibig sabihin, milyong piso ang malilibreng buwis sa mayayamang negosyante at mawawala naman sa pondo ng bayan.

Araw-araw na pasakit ang pasan ngayon ng mamamayang Pilipino sa napakataas na bilihin at napakababang sahod. Hilahod man sa hirap, ginagawa nila ang tungkulin sa gubyerno na magbayad ng buwis. Sa kabilang banda, ang malalaking negosyante at nga bilyonaryo ay nagagawang sikutan ang pagbabayad ng buwis. Tanging sa pagbubuo lamang ng isang makatarungang lipunan sa ilalim ng gubyerno ng mamamayan, matatamasa ng bawat isa ang buwis na mula sa dugo at pawis ng masang Pilipino. 🔥



# Munting Payo ni Apong

**National Greening Program (NGP) para sa kalikasan at kabuhayan? Baka, NGP para sa ganid at mayayaman! Maniwala ka sakin apo! Papunta ka pa lang, pabalik na ko! E biktima kami nyan e!**

Kabisado ko na yang modus na yan! Swabeng paraan lang ang NGP ng estado ng mayayaman para makamkam ang lupang ating pinaghirapan. Una, eenganyuhin kayo sa sweldo. Sasabihin nila, "nakatulong ka na sa kalikasan, kumita ka pa!" At eto pa ha, "pag lumaki ang mga puno o bayog, limang taon lang pwede nyo nang pagkakitaan!" Oh diba? Halatang salita ng mga ng promodizer at scammer? Hehe.

E kasi, **NEGOSYO HINDI SERBISYO ANG NGP!**

**KAMKAMIN ANG ATING LUPA!** Yan ang tunay nitong pakay. Kasi pag naitanim na ang mga puno, sunod na ipapaskil na sa mga uma natin ay "NO TRESPASSING!" Sa gubyerno at DENR na raw ang inyong kaingin at patunay daw nila ang mga punong kayo mismo ang nagtanim. Kumita ka nga ng ilang buwan, nawalan ka naman ng tirahan at taniman!

**HINDI PARA SA KALIKASAN KUNDI PARA PAGKAKITAAN** ang layunin ng NGP. Diba kayo nagtataka? Bakit may mga NGP erya na pagkatapos taniman e bigla na lang nasusunog? Syempre, para may ilabas ulit na pondo para sa pagtatanim! Alam nyo bang mahigit 25 bilyon na ang nilustay ng gubyerno para sa NGP sa loob ng 12 taon? Pero hanggang ngayon, wala pang bundok na naibalik ang pagkagubat. Malaki rin ang kinukubra ng mga opisyal ng DENR at kasabwat na contractor sa pagbili ng seedlings at barat na pasahod nito sa mga nagtatanim. Pati nga senado kinuwestiyon na ang programang ito!

Isa pa, yung mga pinatatanim na puno gaya ng mahogany, gemilina, mangium eh hindi naman talaga likas na puno sa gubat. Nakakasira pa nga ito sa kagubatan, sa nutrisyon ng lupa, nakakatuyot ng mga bukal at sapa, at sinisira rin nito ang natural na tirahan ng mga hayop at insekto sa kagubatan. Yung mga kape, kakaw, kawayan, rambutan, iba pang prutas na pinatatanim? Asa kayong sa inyo ibibigay yon! Tagapagtanim at alaga lang kayo no! Pag malalaki na yon, ibebenta at ieeksport na yon ng mga korporasyon!





Kaya mga apo! Wag na wag kayong paloloko! Wag kayong pumayag na agawin ang ating lupa. Wag kayong pumayag na umahon ang DENR sa mga kaingin natin kahit may kasama pa silang sundalo! Bunutin, tagpasin, sunugin ang mga punong nakakasira lamang sa kalikasan. Ilipat ang mga punong mapapakinabangan. At higit sa lahat, paunlarin ang ating produksyon sa ating mga uma at kaingin! Ito ang magtitiyak na hindi matatarawan o maaagaw ninuman ang ating lupa. Ang ating pang-araw-araw na pangangailangan ay mapupunan ng pagtatanim ng palay at gulay, at iba pang marangal na kabuhayan. Kaya mga apo, ilantad at tutulan ang NGP! Para wala na silang maloko! 🔥



# Kwentong Pugay !!!

## Mga kwento ng kabayanihan ng masa at kasama...




**Matanda at mahina na ang pandinig ni Tatay Pakó. Pero kung anong hina ng kanyang pandinig, siya namang talas ng kanyang memorya. Hinding-hindi nila malilimutang mag-asawa ang malagim na karanasan na sanhi ng panghabambuhay niyang pagkabingi.**

Dekada 80's, sa kasagsagan ng pananalasa ng batas militar, nalasap ni Tatay Pakó ang pagmamalupit ng mga sundalo sa mga sibilyan. Ang kanyang kabutihang-loob ay pinaratangang isang malaking krimen ng mga militar.

"Pakainin ang nagugutom, painumin ang nauuhaw, yun ang paniniwala ko, kaya kahit sinong dumaan sa kubo ko, tinatanggap ko," paliwanag ni Tatay Pakó. Kaya noong unang dumaan ang isang yunit NPA sa kanilang kubo para sandaling mamahinga, hindi siya nagdalawang-loob na tanggapin at pakinggan sila kahit na sila'y mga armado. Sa ilang beses na pagdaan at kwentuhan, lalong lumalim ang pag-intindi ni Tatay Pakó sa dahilan kung bakit may NPA at armadong tunggalian. Kaya agad siyang pumayag nang magpaalam ang mga kasama na ilang araw na magpwesto sa di kaluyuang sukal sa kanyang kubo para sa isang aktibidad.

Makalipas ang ilang araw, pumutok ang balitang may malaking operasyon ang militar. Kaya naman nagpasyang lisanin ng mga kasama ang baryo nila Tatay Pakó para maiwasan ang engkwentro at madamay ang mga sibilyan. Halos kaaalis lamang ng mga kasama nang dumating ang isang platun ng *Marines*. Gaya ng kanyang paniniwala, agad niyang pinatuloy at pinainom ang mga *Marines*.

Diretso, tapat at kalmado niyang sinagot ang sunod-sunod na tanong ng mga sundalo nung gabing iyon. "Tinanggap ko sila gaya ng pagtanggap ko sa inyo ngayon," pagpapaliwanag ni Tatay sa nag-interoga sa kanya. Pero hindi naniwala ang mga sundalo nang sabihin niyang "hindi ko alam kung saan sila pumunta." Ilang beses siyang kinulata ng mga sundalo na umaasang masisindak at mapapaamin si Tatay. Pero walang maamin si Tatay dahil hindi naman talaga sinasabi ng mga kasama ang kanilang direksyon.



Umiiyak at nagmamakaawa naman ang kanyang asawa, "tama na ho! Wala po kaming kasalanan." Pero malalakas na putok sa gilid ng tenga mismo ni Tatay Pakó ang nagpatigil at nagpanginig sa buong kalamnan ni Nanay Nita. "Akala ko yun na ang katapusan ng tatay nyo," naluluha pang kwento ni nanay.

Hindi pa nga iyon ang katapusan ng paninindak nila kay Tatay. Hindi nakuntento ang *Marines*, matapos paputukan, ipinako ang kanyang magkabilang tenga sa kanilang haligi. "Halos mabaliw ako nung makita ko ang ginawa nila sa tatay n'yo. Mula noon, natatakot na akong mag-isa sa kubo namin. Hindi ako makatulog dahil baka bumalik ang mga sundalo," nanginginig na pagbabahagi ni nanay.

Sa kabila ng mapait na karanasang iyon, patuloy na tinanggap at lalong minahal ng mag-asawa ang NPA na magkakaibang henerasyon na ang kanilang nakasalamuha.

> "Sa kabila ng takot, lalo nilang naunawaan na ang estado ay likas na marahas at gagawin nito ang lahat para masupil ang sinumang mag-aklas kahit na labag pa ito sa sarili nilang mga batas.

Nawala man ang pandinig ni Tatay, hinding-hindi mabubura sa kanyang gunita ang iniwang bakas ng dahas kahit apat na dekada na ang lumipas. Ang karanasang iyon ang nagpakilala sa kanila kung sino ang tunay na sundalo ng mamamayan, walang iba kundi ang Bagong Hukbong Bayan. 🔥

Pahayag ng **DOMINGO ERLANO COMMAND** kaugnay sa inilabas na pahayag ng 91st IB:

# 91st IB, mersenaryong Hukbo

**Ipinamalas ng 91st IB ang pagiging mersenaryong Hukbo sa magkasunod na labanan sa probinsya ng Aurora noong Hunyo 3 at Hunyo 9.**

Naglulubid ng kasinungalingan ang 91st IB para pagtakpan ang paghuhuramentado ng mga tropa nito dahil sa dalawang pagkakataon na na-isnayp sila ng NPA at nagtamo ng mga kaswalti. Sa parehong insidente ay walang patumanggang nagpaputok at nagpasabog ang mga sundalo kahit walang target. Para bigyan katwiran ang nilustay nilang bala, nagpalabas sila ng pahayag ng mga pekeng engkwentro. Masahol pa, itinago nila ang mga sundalong Killed in Action at ipinagkait sa kanila at sa kanilang pamilya ang karampatang pagkilala.




Tiyak at presiso ang bawat balang pinakawalan ng NPA. Nagpapakita ito ng mataas na disiplina sa kondukta ng gera. Siguradong dalawang sundalo ng 91st IB na tumatawid sa ilog ang patay sa isnayping ng NPA noong Hunyo 3 sa Brgy. Punglo, Maria Aurora, Aurora. Tiyak na tiyak din ang mga operatiba ng NPA na tatlong sundalo ng 91st IB ang kanilang naasinta at napatay noong Hunyo 9 sa Brgy. Diteki, San Luis Aurora. Walang kaswalti sa panig ng NPA sa naturang mga labanan.

Samantala, pitong bangkay ng mga sundalo ang iniulat ng mga masa na nakita nilang inilabas sa erya ng pinaglabanan noong Hunyo 9. Sa ulat ng mga kasamang napalaban, malaking porsyento na bala mismo ng army ang nakapatay sa kapwa nila sundalo. Umaasolt ang tropa nila ng maisnayp ng NPA na kagyat namang binugsuan ng putok ng tropa ng AFP kahit alam nilang malaki ang tsansa na matamaan ang sarili nilang tauhan. Sa pelikula lamang mapapanood ang pagkakapatiran sa AFP. Sa totoong buhay, punong puno ito ng karahasan at gulangan

simula pa lamang sa pagpapalista, treyning, pasweldo, promosyon at maging sa larangan ng labanan. Walang kwenta sa mga opisyal ng AFP kung may mapatay, masugatan o madisgrasya man sa kanilang tauhan na kalakhan ay anak ng mga magsasaka. Para sa AFP, madali lang magpalit ng sahuran na sundalo sa dami ng mga kabataang walang trabaho at pamilyang Pilipino na sadlak sa matinding kahirapan at kagutuman.

**Nananawagan ang NPA-Aurora sa mga karaniwang sundalo at patriyotikong opisyal ng 91st IB na paimbestigahan ang katiwalian at pagtatakip sa katotohanan sa insidente noong Hunyo 3 at Hunyo 9. Sa panig ng NPA, ang mga karaniwang kawal, lalo na ang mga galing sa uring magsasaka na wala sa akto ng aktwal na labanan ay itinuturing nitong mga elementong dapat kabigin para maglingkod sa masa at hindi sa pasistang estado. Gayunman, ang sinumang ahente at tauhan ng AFP na aktibo sa kontra-mamamayan at kontra-rebolusyunaryong aktibidad ay tiyak na pananagutin ng rebolusyunaryong kilusan at ng rebolusyunaryong mamamayan.** 🔥



# Ang tatlong K ng Balikatan



**Kabalintunaan, kasinungalingan at kapamahakan** — ito ang ipinagmamalaking Balikatan ng gubyernong US at Pilipinas.

## Kabalintunaan

Habang binubuyangyang ng rehimeng US-Marcos ang Pilipinas sa mga Amerikanong sundalo, pinapalayas naman ang mga Pilipino sa sariling lupain. Sa halip na ilaan ang lupa para sa tirahan at sakahan ng mga magsasaka at mahihirap na Pilipino, mas prinayoridad pa ng estado ang pagpapatayo ng karagdagang apat na base militar ng US (sa Palawan, Zambales, Antique at Northern Luzon). Samantala, patuloy ang pangangamkam ng lupa at pagpapalayas sa mga magsasaka sa Fort Magsaysay, NE. Binakuran at ginawang mga pastulan ng mga retirado at makapangyarihang mga opisyal ng AFP at PNP ang malaking bahagi ng FM. Habang walang-awang pinagbabaril ang mga magsasakang nais lamang gawing produktibo at sakahan ang mga nakatiwangwang na lupa ng FM sa Palayan City, NE. Anim na magsasaka ang napaslang sa pamamaril noong 2016. Mas nanaisin pa ng estado na nakatiwangwang ang lupa at mamatay sa gutom ang mga magsasaka kaysa gawin itong sakahan.

## Kasinungalingan

"Depensa o pagtatanggol" sa mga mananakop ang ibig sabihin ng Salaknib o Balikatan na ginanap nitong Abril 11-28, pinakamalaking pagsasanay na nilahukan ng 13,000 sundalo ng US, Pilipinas at Australia. Pero ang totoo, lalo lamang itong isusubo sa gera ng nag-uumpugang imperyalistang US at China. Hindi malayong malagay ang Pilipinas sa isang "proxy war" gaya ng nangyari sa Ukraine at Russia dahil sa panunulsol ng US sa papet na gubyerno ng Ukraine. Hindi totoong ipagtatanggol ng US ang Pilipinas sa Tsina. Ang totoo, gusto lamang nitong lumikha ng gera para maibenta ang mga labis na produktong armas. Ginagamit lamang din ng US ang Balikatan para makapagpamilyarisa sa tereyn at makapaghanda sa napipinto nitong gera laban sa Tsina.

Kahit kailan, hindi tinuring na kaibigan ng US ang Pilipinas. Para sa US, ang Pilipinas ay isa lamang estratehikong kolonyal na bansa para sa kalakalan at digmaan. Patunay dito ang mga di-pantay na kasunduan gaya ng Mutual Defense Treaty (MDT), Visiting Forces Agreement (VFA), Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA). Sa ilalim ng MDT, obligadong tumulong ang Pilipinas sa anumang gerang kasasangkutan ng US, may kinalaman o pakinabang man ang bansa o wala. Dagdag na pasanin naman sa mabigat nang buwis ng Pilipino ang gastusin sa pagpapatayo, pagmimintina ng mga base militar at pagsasanay militar sa ilalim ng EDCA at VFA. Hindi rin pwedeng ikulong at hatulan sa Pinas ang mga abusadong sundalong Kano.

## Kapahamakan

Walang ibang pakinabang ang mamamayan sa Balikatan kundi kapahamakan. Taon-taon winawasak lamang ng walang patumanggang pamamaril at pambobomba ang kapatagan at kagubatan na tirahan at pangalapan ng milyon-milyong Pilipino.

# Rice Tarrification Law, bigo

**Bagsak presyong palay pero abot-langit na presyo ng bigas — ito ang resulta ng Rice Tarrification Law apat na taon mula isabatas ito.**




Sa kasalukuyan, umaabot na sa P41.00 kada kilo ang pinakamababang presyo ng well-milled rice kahit sa mga palengkeng tinaguriang bagsakan ng bigas. Malayong-malayo sa pangako ni BBM na pabababain hanggang P20.00/kilo ang bigas sa bansa. Samantala, umaabot lang sa P12.00 hanggang P16.00 ang bili ng mga buyer sa mga palay ng magsasaka. Malayo ito sa sinasabi mismo ng Department of Agriculture (DA) na P20.00 hanggang P23.00 ang presyo ng palay kaya mataas ang presyo ng bigas.

Inamin na rin mismo ng administrasyon na imposible nang mapababa pa sa P20.00/kilo ang bigas dahil mataas ang presyo nito sa pandaigdigang pamilihan. Dahil nakasalig sa importasyon ang agrikultura ng bansa, nanganganib na magkaroon ng krisis sa pagkain sa mga susunod na taon. Kapag nangyari yon, lalong lolobo ang presyo ng bigas at iba pang batayang pangangailangan.

Isa lamang ang RTF sa mga neoliberal na batas na lalong nagpapahirap sa magsasaka at mamamayang Pilipino. "Kahit kailan, hindi importasyon ang magpapababa ng presyo ng mga bilihin. Tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon ang lulutas sa kagutuman. Libreng ipamahagi ang lupa sa mga magsasaka at bigyan sila ng subsidyo para mapaunlad ang produksyon sa agrikultura," pahayag ni Tatay Ramon, kasapi ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid (PKM), isang lihim na organisasyon ng magsasaka.




Dahil rin sa tuloy-tuloy na Balikatan exercises, nabubuhay na sa takot ang mga masa sa laylayan ng Mt. Baca, Gabaldon, Palale atbp. "Palapit ng palapit sa aming mga bahay at kaingin ang bomba, takot na takot kaming matatanda at mga bata. Gustuhin na naming lumipat, pero wala naman kaming ibang matitirhan," ani Apong Duroy, isang matandang Igorot sa kabundukan Palale, General Tinio, NE.

# 5 Dahilan kung bakit dapat tutulan ang mandatory ROTC:

*Kapag naisabatas ang mandatory ROTC, hindi makakagradweyt ang sinumang estudyante sa kolehiyo kung hindi tatapusin ang dalawang taon ng ROTC.*




## 1 Karahasan at kalupitan lamang ang ituturo nito sa kabataan

Marami nang insidente ng pagbabanta, pagmamalupit, pambubugbog at pagpatay ng mga opisyal ng ROTC sa kanilang mga trainees. Hinding-hindi malilimutan ang karumal-dumal na pagpatay ng mga opisyal ng ROTC kay Mark Nelson Chua noong 2001. Kadete si Chua ng University of Santo Tomas (UST) na naglantad sa malawakang korapsyon at pang-aabuso ng programa.

## 2 Hinuhubog nito ang kabataan sa mersenaryong tradisyon ng AFP na nakahulma sa doktrina ng reaksyunaryong Hukbo ng US

Ikinikintal sa kabataan ang disiplinang militar na naaayon sa doktrina ng sundalong Amerikano ng pagtatanggol sa estado poder at pagiging sunod-sunuran sa otoridad ng nakatataas na opisyal. Sa ROTC, walang karapatang tumanggi ang mga kadete sa anumang iutos ng opisyal — magmukha man silang utusan, katawa-tawa o busabos.

Sa halip na turuan at sanayin ang kabataan sa doktrinang militar ng US, dapat ituro at dakilain ang rebolusyunaryong katapangan ng KKK o Katipunan laban sa kolonyal na kapangyarihan at pambubusabos sa masang magsasaka ng mga kolonyal at lokal na panginoong maylupa.

## 3 Binabaluktot ng reaksyunaryong gubyerno ang kahulugan ng pagiging makabayan.

Oobligahing magtreyning ang mga kabataan para maghanda sa posibleng gera laban sa Tsina. Habang pinagsisigawan ang islogan na "ipagtanggol ang teritoryo laban sa Tsina," yukod ang ulo at tiklop ang tuhod ng reaksyunaryong gubyerno sa patuloy na dominasyon ng gubyernong US sa pulitika, ekonomya at soberanya ng bansa. Bulag, pipi at bingi ang mga papet na rehimen sa Pilipinas sa paglapastangan sa teritoryo at likas na yaman ng bansa.

Sa halip na apurahin ang ROTC, dapat kumalas ang gubyerno ng Pilipinas sa mga hindi-pantay na kasunduan na mapanghimasok sa soberanya ng bansa at naghihikayat ng pakikipag-gera sa ibang bansa gaya ng Mutual Defense Treaty, Visiting Forces Agreement, Mutual Logistics Support Agreement, Acquisition and Cross Servicing Agreement at Enhanced Defense Cooperation Agreement.

## 4 Ginagamit ang ROTC para supilin ang demokratikong kilusan ng kabataang estudyante.

Ginagawang daluyan ito ng AFP-PNP para magpalaganap ng kolonyal, pasista at kontra-demokratikong kaisipan sa hanay ng mga kabataang estudyante. Nagbubuo ito ng "student intelligent networks" para manmanan ang mga aktibista at progresibong samahan ng mga estudyante na nagtataguyod sa demokratikong karapatan at kagalingan ng mga kabataan at ng sambayanang Pilipino.

## 5 Ang ROTC ay dagdag gastos sa napakataas na presyo ng edukasyon sa Pilipinas.

Hindi libre ang uniporme at iba pang gamit sa ROTC. Hanggang sa ngayon, milyong-milyong estudyante ang nagdurusa sa over-crowded at mainit na mga klasrum. Marami ang namomroblema kung saan sila magkaklase dahil walang bakanteng klasrum. Maraming guro ay pwersado sa pagtuturo sa multi-grade classroom. Pero walang ginagawa ang gubyerno para lutasin ito. Naglaan ng 61.2 bilyong badyet sa ROTC habang 15.6 bilyon lamang ang inilaan sa pagpapatayo ng klasrum.

**Dagdag na badyet sa edukasyon hindi ROTC ang kailangan ng kabataan.**🔥

# Maharlika Investment Fund:

## Bagong Pangalan, Lumang Modus ng Pangungurakot ng mga Marcos

Lantaran at garapalan ang pandarambong ng rehimeng US-Marcos Jr. sa yaman ng bansa. Inapura nito ang pagsasabatas sa Maharlika Investment Fund (MIF) — isa diumanong Sovereign Wealth Fund (SWF) na inaasahang makalikom ng 275 bilyong kapital, bago ang kanyang State of the Nation Address (SONA). Naglalaway ang mga magnanakaw sa laki ng pondo ng bayan na ilalaan para sa nasabing batas. Gagarantiyahan nito ang kita ng mga mandarambong habang dagdag naman ito sa hirap na papasanin ng taumbayan sa susunod na mga panahon.

### Legasiya ng Pandarambong

Paspasan ang pagpapasa ng MIF sa kongreso noong Disyembre 15, mula ito sa nirebisang Maharlika Wealth Fund na naunang inihain sa Kamara noong Nobyembre 2022. Nitong Mayo 31, 2023 ay naaprubahan na ang batas sa mataas at mababang kapulungan at tanging pirma na lamang ni Marcos Jr. ang hinihintay. Pangunahin itong isinulong nina Ilocos Norte 1st District Rep. Ferdinand Alexander "Sandro" Marcos; House Speaker at Leyte First District Rep. Ferdinand Martin Romualdez, asawa nitong si Tingog Partylist Rep. Yedda Marie Romualdez; at apat pang kongresista. Lagpas sa mga may-akda ng batas — na pawang mga kamag-anakan ni Marcos Jr. — kahina-hinala ang magiging pamamaraan sa pamamahala ng pondo nito.




Sa ilalim ng MIF, bubuuin ang Maharlika Investment Corporation (MIC) at patatakbuhin ito tulad ng isang pribadong korporasyon na pamumunuan naman ng mga direktor (Board of Directors) na karamihan ay itatalaga ng Pangulo ng Pilipinas. Maaaring ilihim sa publiko kung saan ilalagak ang pondo. Gayundin, hindi sasaklawin ang mga direktor ng batas kaugnay ng sahod (Salary Standardization Law) at serbisyong sibil. May laya silang kumuha ng halaga ng kanilang kompensasyon sa MIF — maaaring sa anyo ng sahod, honorarium, allowance, arawang gastuin o mga bonus.

*Hindi dapat makalimutan ng mamamayan na eksperto ang rehimeng US- Marcos Sr. sa pagsagawa ng iskema ng pandarambong. Isang pakana ang MIF para mapasakamay ng iilan ang kabang-yaman ng bayan para payamanin ang kanilang sarili.*

Tampok dito ang Coco Levy Fund na kinolekta sa mahigit 3.5 milyong magniniyog mula taong 1971 hanggang 1983 ngunit hindi man lang napakinabangan ng mga magniniyog. Sa halip ay ginamit ito nina Marcos Sr., at kaniyang mga kroni na sina Danding Cojuangco, Roberto Benedicto, Juan Ponce Enrile, Maria Clara Lobregat, Antonio Florendo at iba pa para gawing puhunan sa kanilang negosyo. Hindi malabong mangyari muli ito, lalo at nasa pangulo ang kapasyahan na mamili ng mamamahala sa MIC. Tiyak na mga kroni ng Marcos ang mamumunini sa pwestong ito.

### Sa Bingit ng Lumalalim na Utang

Magmumula ang pondo ng MIF sa kaban ng bayan. Sa kabuuang panimulang kapital nitong P125 Bilyong piso, P50 bilyon ang magmumula sa Landbank, P25 bilyon naman mula sa Development Bank of the Philippines (DBP) at ang P50 bilyon naman ay magmumula sa mga pag-aaring korporasyon ng gubyerno. Hindi pa nakukuntento ang mga burukrata. Bagamat inalis na sa huling bersyon ng batas at mariing tinututulan ng mamamayan ay pilit na pinupuntirya ni Marcos Jr. ang ipon ng mga manggagawa na nakalagak sa Government

Service Insurance System (GSIS) at Social Security System (SSS) bilang diumano ay maaaring maging investors ng MIF sa hinaharap.

Hinog-sa-pilit ang inilalakong MIF. Sa kaibuturan, ang sovereign wealth fund ay isang pampublikong pondo na ginagamit ng estado bilang puhunan sa mga negosyo sa loob at labas ng bansa. Madalas na nagmumula ang pondong ito sa labis na kita ng isang bansa. Sa kalagayan ng Pilipinas, halos ilang dekada nang walang labis na kita ang bansa dulot ng malaking utang na binabayaran nito.




Kung tatapyasan ang kita ng pagmamay-aring korporasyon ng reaksyunaryong gubyerno para sa MIF, mababawasan ang halaga na mailalaan para sa badyet ng bansa sa bawat taon. Kung gayon ay lalong lalaki ang depisito ng pambansang badyet at maoobliga ang gubyerno ng Pilipinas na mangutang muli upang mapunan ang mga depisitong ito. Isa itong siklo na higit na maglulubog sa mamamayan sa kumunoy ng utang. Hindi maisasalba ng MIF ang bansa mula sa pagkakautang dahil walang katiyakan na makabalik ang pondong ilalaan dito bunsod ng krisis sa pinansya ng monopolyo kapitalismo sa daigdig na bago pa man ang pandemya ay nasa matinding krisis na.

## Pambansang Industriya, hindi MIF

Layunin diumano ng MIF na pondohan ang mga programa ng rehimen. Ngunit nasaan ang mga pangakong investment ng mga bansang pinaglamyerdahan ni Marcos Jr. na magbubukas diumano ng maraming trabaho at susuporta sa proyektong pang-agrikultura at imprastraktura ng rehimen?

Kung talagang tapat ang rehimeng ito sa layunin na mawakasan ang kahirapan ng bansa, dapat na unahin nitong ilaan ang pampublikong pondo para sa kapakanan at kagalingan ng mamamayan. Dapat na ilaan nito ang bilyong pondo ng bansa bilang subsidyo sa mga magsasaka, mangingisda at pansuporta sa mga maliliit at lokal na negosyante. Ilaan ang pondo sa sektor ng kalusugan at edukasyon, sa halip na sa mga proyektong pakikinabangan lamang ng iilan. Dapat na ilaan ng rehimen ang bilyong pondong ito sa pagtatayo ng pambansang industriya, sa halip na umasa lamang sa labis na produktong itinatapon ng malalaking korporasyong dayuhan sa bansa.

Tiyak na lilitaw rin ang tunay na bihis ng dispalinghadong MIF — na hindi makatutulong sa ekonomya, sa halip ay magpapalala pa sa krisis ng bansa. Lalo lamang nitong pasisidhiin ang galit ng mamamayan at mag-aakay sa kanila sa mas maigting na paglaban. Lalong iigting ang pagnanais na palitan ang nauuk-ok na reaksyunaryong gubyerno tungo sa isang gubyernong tunay na maglilingkod sa nakararami.

Ang pagkakaroon ng isang sovereign wealth fund ay hindi angkop sa isang bansang atrasado ang agrikultura, walang pambansang industriya. Higit sa lahat, hindi ito angkop sa bansang walang tunay na soberanya kaugnay sa nagpapatuloy na dominasyon ng imperyalistang US. Magiging bukal lamang ito ng kurapsyon at palabigasan ng mga naghaharing uri. Magkakaroon lamang ng kabuluhan ang sovereign wealth fund sa isang sosyalistang bayan kung saan ang mga pag-aari at yaman ng bansa ay tunay na napakikinabangan at nailalaan para sa pagpapaunlad ng kagalingan at pangangailangan ng mamamayan.